# Pagkalkula ng Mga Halagang Karaniwang Sinisingil

*Na-update noong: Setyembre 2024*

Nagbibigay ang Lucile Packard Children's Hospital (LPCH) ng pinansyal na tulong at pangkawanggawang pangangalaga sa mga pasyenteng nakakatugon sa pamantayan sa pagiging karapat-dapat na nakabalangkas sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong (Financial Assistance Policy o FAP). Kapag ibinawas na sa (mga) account ng pasyente ang pagsasaayos sa pinansyal na tulong batay sa patakaran, responsibilidad ng pasyente/guarantor ang natitira sa kanyang hindi pa nababayarang pananagutan na hindi lalampas sa mga halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed o AGB) sa mga indibidwal na may Medicare para sa pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga.

Tinutukoy ng Lucile Packard Children's Hospital (LPCH) ang AGB sa pamamagitan ng paggamit ng "pagbabalik-tanaw" na paraan. Kinakalkula ang porsyento ng AGB sa pamamagitan ng paggamit ng mga claim na pinapayagan ng Medicare para sa mga serbisyong may petsa ng pag-discharge mula sa nakaraang piskal na taon (Setyembre – Agosto). Para sa mga claim na ito, ang kabuuang halaga ng lahat ng pinapayagang halaga ng reimbursement ay idi-divide sa nauugnay na kabuuang halaga ng mga singil. Nalalapat ang porsyento ng AGB simula sa ika-1 ng Setyembre ng bawat taon.

**Ang AGB ng Lucile Packard Children's Hospital (LPCH) ay 13.60%**

Ilalapat ang porsyento ng AGB kung sakaling may pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga para sa mga indibidwal na karapat-dapat para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng patakaran sa pinansyal na tulong (FAP) ng Stanford Children's Health. Ilalapat ang porsyento sa kabuuang halaga ng mga singil para sa naturang pangangalaga, upang matukoy ang maximum na halaga na personal na responsibilidad ng isang indibidwal na bayaran kaugnay ng naturang pangangalaga.

## Matrix ng Diskwento ng Pasyente

| | Kita ng Pamilya bilang % ng FPL | Diskwento para sa Mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo o Pang-emergency na Pangangalaga |
|---|---|---|
| **Pasyenteng Walang Insurance** | <400% FPL | 86.40% |
| **Pasyenteng Hindi Sapat ang Insurance** | <400% FPL | 86.40% |
| **Balanse pagkatapos Magbayad ng Insurance** | <400% FPL | Anumang pananagutan ng pasyente pagkatapos magbayad ng insurance, maliban sa mga hindi saklaw na singil |
| **Pangkawanggawang Pangangalaga** | <400% FPL | 100% |
| **LAHAT** | >400% FPL | Walang Diskwento |

*Tandaan: Sinusuri ang Mga Kasong Pangkawanggawa depende sa sitwasyon. Dapat matugunan ng Pasyente ang mga alituntunin ng Pangkawanggawang Pangangalaga at Kita ng Pamilya bilang porsyento ng FPL upang maging kwalipikado para sa Pangkawanggawang Pangangalaga na nasa seksyon IV.D. ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong (FAP).